REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 94-151

KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA KAGALANG-GALANG CONG. MANNY B. VILLAR, JR. NA MAPAHUKAY (DREDGE) AT MAIPALINIS ANG MGA ILOG AT CREEKS SA BAYAN NG MUNTINLUPA AT ANG PAGLALAAN NG KAUKULANG PONDO PARA DITO.

*************************************************************

PANGUNAHING NAGPANUKALA: Kgg. Alejandro L. Martinez
Kgg. Dante S. Almario
Kgg. Lucio B. Constantino

KASAMANG NAGPANUKALA : Lahat ng Kagawad ng Sang. Bayan

*************************************************************

SAPAGKAT, ang mga ilog at creeks sa nasasakupan ng Bayan ng Muntinlupa ay puno ng mga basura laluna sa pagitan ng Sucat-Buli, Buli-Cupang, at Cupang-Alabang;

SAPAGKAT, ang marumi at mabahong amoy mula sa ilog at creeks na puno ng iba't-ibang dumi ay nakapagdudulot ng maraming sakit sa mga mamamayan na lubhang nakakaapekto sa kalusugan ng katawan;

SAPAGKAT, ang mga basurang ito ay hindi lamang nakakapigil sa maayos na daloy ng tubig, kundi nakapagpapababaw din ng ilog na magiging sanhi ng madaling pagbaha sa panahon ng tag-ulan;

SAPAGKAT, ang polusyon na naidudulot ng mga basurang ito ay nagiging dahilan ng pagkamatay ng mga yamang-dagat tulad ng isda (fish kill) na nagdudulot ng higit pang suliranin sa buhay ng mga mangingisda;

SAPAGKAT, isang malaking kapintasan para sa ating mga nanunungkulan sa Pamahalaang Bayan ang wari ay hindi natin pag-uukol-pansin sa mga bagay na ito;

SAPAGKAT, ang kalinisan ng kapaligiran ay isang bahagi ng ating ginagampanang tungkulin sa ating pamayanan at bilang paghahanda sa pagiging isang modernong siyudad ng ating bansa;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na humiling sa Kagalang-galang Cong. Manny B. Villar, Jr. na mapahukay (dredge) at maipalinis ang mga ilog at creeks sa Bayan ng Muntinlupa at ang paglalaan ng kaukulang pondo para dito.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-92nd regular na pulong na ginanap ngayong ika-11 ng Hulyo, 1994.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

(Absent)
KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan